

# 1

Kahit pa mahal ni Markus McKendrick ang kanyang trabaho bilang detective sa *NYPD*, paminsan-minsan kailangan pa rin niyang mag-alis ng stress na dala nito. Hindi lahat ng kaso madali. Hindi lahat ng kaso nareresolba. Hindi lahat ng kasong nareresolba ay nareresolba nang madali.

Tulad na lamang ng kasong kasalukuyan niyang tinatrabaho na siyang puno't dulo ng stress at sakit ng ulo niya nitong mga huling linggo. Hindi na nahinto ang utak niya sa pag-iisip.

At kapag kailangang mag-isip ni Mark, nagtutungo siya sa gym nila sa istasyon para pulbusin ang heavy bag na nakabitin sa isang bar sa kisame. Tinutulungan siya niyong mag-isip, mag-focus at maisentro ang mga detalye.

Sunud-sunod ang lipad ng kamao ni Mark patungo sa punching bag. Nadarama niya ang mga suntok sa kanyang kamay, braso, balikat at likuran. Tumutulo na ang kanyang pawis at binabasa niyon ang kulay asul niyang T-shirt, sanhi upang dumikit iyon sa kanyang katawan. Kulay khaki ang suot niyang shorts at itim ang rubber shoes sa kanyang

mga paa.

Matangkad na lalaki si Mark. He stood two inches over six feet with a lean, powerfully built body na utang niya pareho sa ama na Irish-American at sa training niya bilang detective sa *NYPD*.

Itim na itim ang kanyang buhok, brown ang mga mata at kayumanggi ang balat na pamana naman sa kanya ng kanyang inang Filipina. Kamukhang-kamukha niya ito, dangan nga lamang ay mas matalas at mas maanggulo ang masculine niyang mukha.

Apparently, gusto ng mga Amerikana ang hitsura niya. Hindi siya nawawalan ng ka-date kung gusto niya. Gayunpaman, sa mga panahong ito, bihira na lang siyang magkaroon ng interes makipag-date.

Siguro dahil tumatanda na siya? O dahil dalawang linggo pa lang ang nakakaraan nang panoorin niyang ikasal ang nakababata niyang kapatid na si Mason sa isang babaeng alam niyang mahal na mahal nito, at awa ng Diyos, ay mukhang mahal na mahal din ito.

Oo nga, siguro nga tumatanda na siya.

“Hey, McKendrick, is that you?” tawag ng isang tinig mula sa pinto ng gym.

“Nah! It’s Ian Somerhalder,” sarkastiko niyang

sagot. “Who else do you think would it be?”

Nakarinig siya ng tawa bago ang mga yabag ng kaibigang si Norman. Sa kanyang peripheral vision, nakita niyang tumayo ito malapit sa kanya at humalukipkip.

“You watching my ass, Garrison?”

“It’s a tiny ass.”

He snorted at malakas na tumawa ang kaibigan.

“Hey,” ulit nito bago naupo sa bangko sa isang banda at sinimulang bendahan ang isang kamay. “Did you hear about the new detective Harris hired?”

“No. What new detective?”

Ikinuwento ng kaibigan ang tungkol sa bagong detective na magiging kapalit ng isa nilang kasamahan na nag-retiro ilang linggo pa lang ang nakalilipas.

“Heard he’s a good one. From *SDPD*.” *San Diego Police Department*. “Got here late because he was finishing a case or something. Captain says he’s young but smart. Some sort of tech geek and made detective really young.”

Isang tainga lamang ang ginamit ni Mark sa pakikinig habang patuloy ang pagsuntok niya sa bag.

Boxer siya noong college pero ngayon, naisip niya na mag-aral ng ibang martial art. Marunong ng *Muay Thai* ang sumunod niyang kapatid na si Mason na bumbero sa *FDNY*. Ang bunso naman nilang si Mike na *Navy SEAL*, marunong ng *Krav Maga*. Magpaturo kaya siya?

Napahinto sila nang bigla muling bumukas ang pinto ng gym at humahangos na pumasok ang isa pa nilang kaibigang si Finn. Maliit ito, madaling ma-excite at siya ring pinakamalaking chismoso sa buong *Midtown North Precinct* kung saan sila nagtatrabaho.

“You will *not* believe this,” sabi ng lalaki. “You know the new detective Harris is bringing on?”

Nagsimulang bumaling si Mark sa punching bag, sawa na sa mga balita tungkol sa bagong detective. Kung makaasta ang mga kaibigan, parang hindi pa nakakakilala ng mga bagong salta sa istasyon nila.

“He’s not a ‘he’,” bulalas ni Finn. Napalingon si Mark sa lalaki. Doon siya nagkainteres. “He’s a—”

Parang sinadya na kasunod na pala ni Finn ang kanilang kapitan na si Captain Gregory Harris. At ang kasama nito ay hindi nga ‘he’, kundi isang ‘she’.

And ‘she’ didn’t look anything like what Mark had expected.

Hindi niya alam kung ano ang inaasahan niyang hitsura ng isang batang geek na babaeng detective pero hindi ito iyon.

Petite ang babae, balingkinitan ang katawan na hindi maitatago sa suot nitong itim na suit jacket sa ibabaw ng light pink na blusa at dress slacks. Doon mukha itong detective. Pero pagdating sa mukha, mukha itong anghel. Mukhang diyosa.

Mukhang diyosa ng mga anghel.

Maamo ang mukha nito at nangungusap ang bilugang mga matang kulay dark brown. Matangos at manipis na ilong na tila naka-tilt pataas ang dulo. Parang kaylambot ng mga labi nitong kulay rosas na makintab dala ng gloss. Iyon lang ang makeup nito. Itim na itim ang buhok nitong hanggang balikat na naka-half ponytail.

Kinailangan ni Mark na kumurap at mabilis na umiling para ma-control ang kakaibang init na gumapang sa kanyang sikmura. Gayunpaman, hindi pa rin humupa ang init. Hindi nabawasan ang interes.

Parang doon na lang nakatuon ang kanyang atensyon habang ipinapakilala rito ni Captain Harris ang kanyang mga kaibigan. Parang paslit na namula ang dambuhalang si Norman nang mahiyaing ngumiti

rito ang babae habang malawak naman ang ngisi ni Finn habang tinatangap ang kamay na inialok ng bagong saltang detective.

“And this is Detective Mark McKendrick,” sabi ni Captain Harris at siya naman ang binalingan ng babae. “Mark, Detective Abigail Lorenzana.”

Ngumiti ito at napansin niya ang paglitaw ng isang malalim na dimple sa kanan nitong pisngi. “A pleasure to meet you, Detective.”

Tinanggap ni Mark ang kamay na inilahad nito at tipid itong nginitian. “The pleasure is mine, Detective Lorenzana,” sabi niya. Malambot ang kamay nito, mainit ang balat at mahahaba ang mga daliri. He wanted to feel those fingers on his skin. Going on with his instinct, bigla siyang nagtanong. “Lorenzana,” aniya. “Are you Filipino?”

“Yes,” tawa nito. “I’m three-fourths Pinay.”

Lumawak ang ngiti niya. “I’m one-half Pinoy, one-fourth Irish, one-fourth American. Marunong kang mag-Tagalog?”

Muli itong tumawa at muli niyang nasilip ang dimple nito. “Opo.”

“Well, that’s great,” sabi ni Captain Harris.

“Abigail’s going to be working at the office across yours, Mark. She’s going to be Filart’s new partner.” Binalingan nito si Abigail. “If you need anything, you can also ask McKendrick over here. He knows everything. You ready to go on with the rest of the tour?”

“Yes, Captain. Thank you.” Tumango ito kay Mark. “It’s nice meeting you, Detective.”

“Likewise.”

Nanatiling nakatayo sina Mark, Norman at Finn sa loob ng gym, hindi kumikilos at pinanonood lang ang paglabas nina Captain Harris at Detective Abigail Lorenzana.

Nagpakawala ng isang mahabang sipol si Finn. “They don’t make detectives like that often,” pabulong nitong saad.

Si Mark ang unang tumalikod. Habang masarap na may magandang babaeng masisilayan sa tuwing papasok siya ng opisina, hindi siya nakikipag-relasyon sa mga katrabaho niya. It was a hard and fast personal rule.

Hinawakan niya ang punching bag para hindi iyon gumalaw bago siya muling nagsimulang sumuntok nang mas malakas, mas mabilis. At hindi

lang iyon dahil sa frustration niya sa trabaho, kundi dahil sa pagpaparamdam ng akala niya ay matagal na niyang tulog na katawan.

---

Ang bilis ng kabog ng dibdib ni Abigail habang naglalakad sila ni Captain Harris sa pasilyo pabalik sa kanyang opisina. Matapos ang maiksi nilang pagbisita sa gym, nagtungo sila sa locker rooms, sa cafeteria at sa iba pang mga opisina pero hindi makapag-focus ang dalaga. Naiwan ang atensyon niya sa guwapong pawisang lalaki na nakatayo sa gitna ng gym.

He looked hard and masculine and dangerous and very, very sexy. Hindi alam ni Abigail kung paano niya kinaya ang testosterone na kumakawala mula sa katawan ni Detective McKendrick nang hindi hinihimatay o tumutugon bilang babae.

Minsan lang siya nakakita ng lalaki na ganoon ka-masculine, nang manood siya ng demonstration ng mga *US Navy SEALs* sa Coronado Beach. Ganoon ang aura ni Mark. Powerful, confident, even arrogant dahil kilala nito ang sarili.

At nang ngumiti ito, parang gustong lumapit ni Abigail para haplusin ang mga labi nito at ang stubble nito sa panga. Kumuyom ang kanyang mga palad.



Baka kung ano pa ang mahaplos niya.

“I’m going to leave you to get settled then,” sabi ni Captain Harris. Malaki itong lalaki, maskulado at naka-military crew cut. Alam niya na dati itong enlisted member ng *US Marine Corps* bago naging miyembro ng *SWAT* at nagsimulang umakyat sa hanay ng kapulisan. Gusto niya si Captain Harris. Para itong tatay.

“Thank you, Sir. I really appreciate this.”

“Not a problem, Abigail,” sabi ng matanda. “We’re happy to have you here.”

Nang isara nito ang pinto, umikot nang isang beses si Abigail para tingnan ang kabuuan ng opisina niya. Maliit lamang iyon, parang walk-in closet lang. Ni wala nga siyang bintana.

May isang flat screen monitor at dalawang telepono sa kanyang mesa, at may isang upuang pambisita sa harap niyon. Sa isang kanto kung saan tatamaan kapag marahas siyang nagbukas ng pinto, may isang matangkad na file cabinet. Masikip ang opisina pero okay na iyon sa kanya.

Umalis siya ng San Diego para maranasan naman kung paano malayo sa mga magulang. Kahit kasi may sarili siyang apartment, araw-araw pa ring

dumadalaw ang kanyang ama at ina para tingnan kung okay lang siya. Naa-appreciate niya ang pag-aalaga ng mga ito pero nasasakal din siya at hindi niya alam kung paano sasabihin ang nadarama nang hindi nasasaktan ang mga magulang.

Kaya nang makakita ng pagkakataong lumipat, hindi na nagdalawang-isip si Abigail. Tinapos niya ang huli niyang kaso, tinapos ang lease sa kanyang apartment, nag-alsabalutan, nagpaalam sa mga magulang at nag-cross-country roadtrip mula California hanggang New York na nasa kabilang dulo ng bansa.

Wala siyang pinagsisisihan.

Naupo siya sa likod ng kanyang mesa at huminga nang malalim. Nope, wala siyang pinagsisisihan.

At nang maisip ang katapat na opisina, ang opisina raw ni Detective McKendrick, lihim siyang napangiti. Mukhang gaganahan siyang pumasok araw-araw.

## 2

Nakakunot ang noo ni Mark, nakatitig sa isang report habang pinoproseso ng utak ang mga naganap sa kanya nang araw na iyon. Mukhang magkakaroon sila ng isang malaking break sa kasong hinahawakan nila ni Norman.

Naka-assign sila sa homicide division at may tinatrabahong kaso ng pagpatay sa isang businessman at sa ka-date nito sa Theater District. Matagal ding naantala ang imbestigasyon dahil sa pagtuon nila ng pansin sa nasabing negosyante at sa mga posibleng kalaban nito sa negosyo.

Pero dahil malinis ito, naiwan silang nagkakamot ng ulo at walang suspect hanggang sa ibaling ni Mark ang atensyon sa ka-date nito na isa palang call girl na miyembro ng isang prostitution syndicate. Nagkataon ding nobya pala ang babae ng isa sa mga pinuno ng sindikato na ubod nang seloso.

Naniniwala na sina Mark at Norman na ang babae ang target ng hit at alam na nila kung sino ang mastermind. Kailangan lang nila ng mas marami pang ebidensya at airtight na kaso para maipakulong ang ungas at tuluyan na ring buwagin ang sindikato

na kasangkot din pala sa human trafficking.

Mas malaki pa pala sa kanyang inakala ang kasong hawak niya. Pero hindi siya napapagod doon. Gusto niya ng challenge. At kung ang ibig sabihin ng challenge na iyon ay may mga tarantadong maaalis sa kalye at magiging bisita sa kulungan, hindi siya magrereklamo.

Iyon lang, bago maging bisita ng bilangguan ang mga tarantado, kailangan ni Mark na makipag-usap sa mga demonyo katulad ng informant nilang si Doug Jennings. May koneksyon ito sa sindikato at kumikita nang malaki mula sa tulad niyang detective para sa impormasyon. Reliable naman ito pagdating sa detalye ng mga operasyon ng sindikato pero hindi lang talaga masikmura ni Mark ang gago. Hinala niya ay drug addict ito at kahit pa itinatanggi nito na may kinalaman ito sa ilang malalaking operasyon ng sindikato, hindi nito makumbinsi si Mark.

Bumuga siya ng hangin at pinakawalan ang tensyon. Para sa ikalulutas ng kaso, gagawin pa niyang best friend si Jennings kung kinakailangan. Ngayon, lalabas muna siya, bibili ng takeout bago umuwi at magkukulong sa banyo hanggang sa maalis ng hot water ang pagod niya.

Tumindig siya, tuluyan nang inalis ang kurbata

na kanina pa niya niluwagan, at hinila ang suit jacket mula sa likod ng upuan kung saan niya iyon sinabit bago nagtungo sa pinto ng kanyang opisina. Nagkagulatan sila ni Abigail Lorenzana nang sabay nilang hinila pabukas ang kani-kanilang mga pinto.

Namilog ang mga mata nito at nalaglag ang panga bago ito tumikhim at kumurap-kurap. “Sorry,” natatawa nitong saad. “Nagulat ako.”

Napangiti siya. “Ako rin.”

Hindi tulad niya na nakabukas na ang butones sa leeg at nakatupi na hanggang siko ang mga manggas, mukhang maayos at fresh na fresh pa rin si Abigail. Maganda pa rin. Mabango pa rin.

May suot itong makapal na jacket sa ibabaw ng puting turtleneck sweater nito at paldang itim na hanggang tuhod.

“Pauwi ka na ba?” tanong niya nang mapansin na isang maliit na lamp na lang ang nakasindi sa opisina nito. Inabot niya ang light switch sa sariling opisina at pinatay ang ilaw bago sinara ang pinto.

Inayos ni Abigail ang strap ng dalang bag sa balikat nito bago isinara ang sariling pinto. “Oo,” anito. “Lalabas lang sana muna ako para bumili ng makakain. Hindi pa pala ako nagdi-dinner. Magte-

takeout lang ako, 'tapos uuwi na ako."

Namulsa si Mark habang sabay silang lumalakad patungo sa elevator. She was so tempting. At hindi siya santo para ipagtulakan palayo ang tukso na iyon lalo na kung kasing-harmless ng gagawin niya.

"Yun din ang balak ko," kaswal niyang simula. Siya na ang pumindot ng call button ng elevator. "Saan ka bibili ng pagkain? Doon na lang din ako bibili. Kung gusto mo, sabay na tayong kumain."

Hindi kaagad sumagot si Abigail kaya akala ni Mark ay hindi siya nito narinig. Sinulyapan niya ito at nakitang blangko ang ekspresyon sa mukha nito. Uulitin na sana niya ang alok nang magsalita ito.

"Chinese," anito. "I was planning on Chinese."

Parang nakahinga nang maluwag si Mark. "May kotse ka ba? Dala ko ang kotse ko."

Doon siya tiningala nito. "Alam mo, kotse ko na lang ang dalhin natin. Ihahatid na lang kita pabalik dito."

"Puwede rin."

Pumasok sila sa elevator at pinindot niya ang buton para sa ground floor. Nang magsara ang mga pinto, huminga nang malalim si Mark at napuno ng

mabangong amoy ni Abigail ang baga niya.

“I like your perfume,” aniya. Wala siyang balak manglandi. Honest lang siya.

Hindi siya binalingan ni Abigail pero natawa ito. “I’m not wearing any but thank you.”

Wala itong pabango? Eh, ano iyong naaamoy niya?

Muntik na niyang sabihing mabango ang natural nitong amoy pero naisip niya na baka iba ang maging konotasyon ng pagsasabing gusto niya ang pabango nito sa ‘you smell good’ na parang may konting kamanyakang taglay. Hindi pa sila magkakilala nang lubos para magbigay siya ng ganoong klase ng pahayag. Baka makasuhan siya ng sexual harrassment. Lalo na nang makita niyang namumula ang mga pisngi nito habang nakatingin sa mga numero na nagsasaad kung nasaang palapag na sila.

“Kumusta ang first week mo sa trabaho?” pagbabago niya ng usapan nang magbukas ang mga pinto ng elevator.

Napangiti si Abigail at alam niyang ngiti iyon ng tunay na ligaya. “Masaya,” sagot nito. “Maraming trabaho pero masaya. Better than expected.”

“Hindi siguroganito ka-busy dito sa San Diego, ano?” tanong niya habang ipinagbubukas ito ng pinto. “O pareho lang ba?”

“Pareho lang halos,” sagot nito.

Malamig ang hanging sumalubong sa kanila. Sa tantya niya, mataas lang nang kaunti sa one degree Celsius ang temperatura. He loved the cold kung kaya gusto niya ang ilang segundong malalamigan siya nang ganoon mula sa pinto ng opisina hanggang sa kotse niya.

Sa parking area sa ibaba ng kanilang gusali, dalawang kotse na lamang ang nakaparada na walang tatak ng *NYPD*. Ang itim niyang SUV at ang isang kulay metallic silver na *Ford Fusion Hybrid*. Hindi alam ni Mark kung mahihiya siya sa sasakyan niya, mukha kasing environmentally-conscious ang dalaga dahil hybrid ang kotse nito habang gasolina ang nilalamon ng SUV niya.

Pero parang hindi naman napuna ni Abigail ang sasakyan niya. Hindi ito nag-react o nagkomento.

*Oo nga, McKendrick. Ba't ba masyado kang conscious pagdating sa kanya? Pati choice mo sa sasakyan kinuwestyon mo na.*

Sa halip, mabilis siya nitong pinangunahan sa



sasakyan nito. “I’ll get you warm in a minute,” sabi ng babae nang makasakay sila.

Hindi rin siya nagkomento kahit pa ang daming maaaring isagot sa pahayag nito. Tulad ng “*Really? How?*”

*Bastos.*

Hindi rin siya nagdalawang-isip na sumakay sa passenger seat. May mga lalaking naiinsulto kapag sila ang ipinagda-drive ng mga babae. Hindi niya maintindihan ang mga iyon. Naniniwala siya sa equality of the sexes. Agad na binuhay ni Abigail ang makina at ang heater.

“I like the cold,” sabi niya.

“Not *this* cold,” tawa ni Abigail. She really had a beautiful smile and a charming laugh.

“No, really. Kabaliktaran ko ang mga kapatid ko,” kuwento niya habang hinihintay ni Abigail na uminit ang loob ng sasakyan. “May kapatid akong bumbero. Hindi n’un kaya ang lamig. Humangin lang nang malakas, naka-jacket na ’yun.”

May maliit na ngiting naglalaro sa mga labi ng babae nang sulyapan siya at pinagmasdan ang jacket na nakapatong lang sa kandungan niya.

“Grabe,” natatawa nitong saad. “Ang lamig-lamig sa labas ’tapos ikaw walang suot na jacket.”

Nagkibit-balikat siya. “May dugo raw yata akong arctic seal,” biro niya. “Saka sandali lang naman tayo sa labas. Mamaya, magja-jacket na rin ako.”

Nag-seatbelt silang dalawa bago nito pinaandar ang sasakyan.

“Saan mo gustong kumain?” tanong ni Abigail.

“Akala ko, may pupuntahan kang Chinese restaurant?”

“Oo, pero baka may iba kang gustong kainan.”

“Okay na ’yun sa ’kin,” sagot niya.

Nagmaneho ito patungo sa *Chef Yu* sa 8th Avenue. At habang nagbibiyahe, nalaman na niya ang ilang mga personal na detalye tungkol sa buhay nito.

Only child si Abigail na dumating nang huli sa buhay ng mga magulang nito. At kahit mahal na mahal nito ang ama at ina, kinailangan nitong lumayo para matutong tumayo sa sariling mga paa. Hindi nito iyon sinabi sa kanya but he wasn’t a detective for nothing. Magaling siyang mag-observe.

Nalaman din niya na maagang nagtapos ng high

school si Abigail kaya sa edad na diez y ocho, kung kailan karamihan sa mga estudyante sa Amerika ay magtatapos pa lang ng high school, college sophomore na ito sa *University of San Diego* sa kursong Psychology. At pagka-graduate, pumasok ito sa *San Diego Regional Law Enforcement Training Center* para mag-aral maging pulis.

Sa restaurant, nagpatuloy ang kuwentuhan nila habang nakalatag ang egg rolls at spring rolls, beef with broccoli, sweet and sour prawns, at yang chow fried rice sa mesa sa pagitan nila.

Doon din nagpatuloy si Mark sa pag-observer sa dalaga. Tahimik ito at may pagkamahiyain pero masarap kausap kapag komportable na. May sense of humor ito at interesante. Halatang matalino kahit pa nagkataong wala siyang ideya sa background nito sa eskuwelahan.

Hindi nila namalayan ang oras hanggang sa sila na lang pala ang nasa restaurant.

“Oh, my God,” natatawa nitong saad nang mapuna na magsasara na pala ang kainan. “Eleven na pala.”

“Is it?” tanong niya. “Parang sandali pa lang tayo dito.” Muling tumawa si Abigail at hayun na

naman ang charming na pamumula ng mga pisngi nito. Tinawag ni Mark ang isa sa mga serbidor para hingin ang bill at nakita niyang inabot ng dalaga ang wallet nito. “Sagot ko na ’to.”

“Ha? Hindi na. Hindi naman ito date,” anito.

“Doesn’t matter. This is my treat.”

Pinaningkitan siya nito. “Is this one of those male things? Na dahil ikaw ang lalaki, ikaw ang magbabayad?”

“Ano? Hindi!” tawa niya. “This is one of those guy things na nagsasabing I enjoyed the meal and I want to do this again sometime so let me pay for it this time.”

Natigilan si Abigail roon. Pinagmasdan siya nito na para bang hindi siya nito maintindihan kaya naunahan ito sa pagkuha ng dalang bill folder ng waiter at agad na naisingit roon ang *Mastercard* niya.

At dahil parang natulala na si Abigail, eksaherado siyang bumuntong-hininga. “If it really means so much to you, ilibre mo na lang ako ng kape bukas.”

“Hindi equivalent ng meal ang kape,” napapangiti nitong sagot.

“Samahan mo ng matamis.”

Sukat doon ay natawa ito. “Okay. Coffee and sweets tomorrow.”

“Alam mo,” sabi niya nang makatayo sila. “Mas mabuti kung mag-taxi na lang ako pabalik sa presinto. Sabi mo kanina, taga-Tribeca ka. Sayang ang biyahe mo kung babalik ka pa sa kabilang dulo ng mundo.”

Kinuha niya ang jacket na hawak ni Abigail at itinaas iyon para maipasok nito ang mga braso sa mga manggas. Inayos niya ang jacket sa mga balikat nito at siya pa mismo ang marahang humila sa buhok nito mula sa ilalim ng tela, hindi alintana na may pagka-intimate ang ginawa niya hanggang sa namalayan niyang nasa mga balikat na nito ang kanyang mga kamay at nasa batok nito ang mga hinlalaki niya. Agad niyang binawi ang mga palad.

“Sabi ko kanina ihahatid kita ulit sa kotse mo,” sabi ng dalaga nang humarap. Tiningala siya nito. “Kung kotse mo ba ang dala natin, pagta-taxi-hin mo ba ako pabalik sa opisina?”

“Siyempre hindi.”

Ngumisi ito. “Di ihahatid kita pabalik. And don’t worry about it. I love to drive.”

Hindi alam ni Mark kung paanong parang hindi sila naubusan ng pag-uusapan ng babae. Aminado

siyang hindi siya daldalero pero parang pagdating kay Abigail, ang dami niyang gustong sabihin.

Nang makabalik sila sa presinto, pumarada ito sa tabi ng kanyang SUV. “Thank you for dinner,” kimi nitong saad, at mahiyaing ngumiti sa kanya.

“You’re welcome.”

And then, he went with impulse. Humilig siya rito at hinalikan ito sa pisngi. Ngumisi siya nang makita ang gulat nito.

“I’ll see you tomorrow.” Binuksan ni Mark ang pinto at lumabas ng sasakyan.

“Sandali!” tawag ni Abigail at tumungo siya para tingnan ito.

Nagbukas ito ng bibig, muling isinara iyon bago nagsimulang magsalita.

Nagtatanong ang mga matang pinagmasdan niya ang kaharap.

“How do you like your coffee?” she finally asked.

Tumawa siya. “Black. And I also like chocolate so kung magdadala ka ng pastry, get me something with chocolate. Good night, Abigail.”

Isinara niya ang pinto at pinanood itong

*Between The Moon And The NYC - Elise Estrella*

---

magmaneho palayo. She was so cute. Sa ilalim ng mala-diyosa nitong mukha at kagandahan, there was an innocence and a vulnerability na bihira nang makita ngayon. Siguro dahil alaga at sheltered ito ng mga magulang sa California.

Sa hitsura rin nito, parang mas bagay itong pre-school teacher kaysa police detective pero sino ba siya para humusga base sa hitsura?

At nalaman din niya na gusto niya si Abigail; genuinely, honestly liked her. Sayang at hindi siya nakikipag-date sa mga kapwa niya pulis. Pero wala namang masama sa pakikipagkaibigan, di ba?

Nagtungo siya sa kanyang SUV para umuwi.